From
Mission Field
to Mission
→ Force

# Ang Motibo

WEEK 1

## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa isa sa mga pinakamakabuluhan mong pag-aari.
- Mahilig ka bang magplano? Kailan ang huling pagkakataong nagplano ka pero hindi ito natuloy?
- Paano ka nagbibigay ng karangalan sa isang tao. Balikan ang isang halimbawa na nagpapaliwanag dito.

## WORD

*[1]Ako ay magpupuri sa inyo, aking Diyos at Hari. Pupurihin*
*ko kayo magpakailanman. [2]Pupurihin ko kayo araw-araw,*
*at ito'y gagawin ko magpakailanman. [3]PANGINOON, kayo'y*
*makapangyarihan at karapat-dapat na purihin. Ang*
*inyong kadakilaan ay hindi kayang unawain. [4]Ang bawat*
*salinlahi ay magsasabi sa susunod na salinlahi ng tungkol*
*sa inyong makapangyarihang gawa.* **SALMO 145:1–4**

Bilang mga mananampalataya, ang ating pangunahing motibo sa buhay ay ang purihin, bigyan ng karangalan, at luwalhatiin ang Diyos. Bilang isang iglesya, ito ang dahilan kung bakit tayo nandito. Ito ang dahilan kung bakit natin ginagawa ang mga ginagawa natin. Sinabi ng salmista na gusto niyang purihin at pagpalain ang Diyos magpakailanman. Nang makita niya kung sino ang Diyos, ito ang naging deklarasyon niya. At hindi lamang ito para sa kanya o sa kanyang henerasyon. Para din ito sa atin at sa mga susunod na henerasyon. Ngayong araw, tingnan natin ang tatlong mga aral na matututunan natin galing sa talatangito na tungkol sa pagbibigay ng karangalan sa Diyos sa lahat ng bagay.

## 1 Ang Diyos ay dapat bigyan ng karangalan sa lahat ng oras at lahat ng pagkakataon.

*[1]Ako ay magpupuri sa inyo, aking Diyos at Hari. Pupurihin ko kayo magpakailanman. [2]Pupurihin ko kayo araw-araw, at ito'y gagawin ko magpakailanman.* **SALMO 145:1–2**

Sa lahat ng ginagawa natin at sa bawat sandali ng buhay natin, ang Diyos lamang ang pararangalan at papupurihan. Kabilang dito ang pinakamagagandang nangyari at pinaka hindi magagandang nangyari at lahat ng nasa gitna. Hindi lang tayo nagpupuri sa Diyos kapag Linggo; ginagawa natin ito araw araw. At gagawin natin ito magpakailanman. Balikan ang mga panahong nahirapan ka na parangalan at papurihan ang Diyos. Ano ang ginawa mo sa kabila ng sitwasyon at mga nararamdaman mo?

## 2 Ang Diyos ay higit sa lahat.

*[3]PANGINOON, kayo'y makapangyarihan at karapat-dapat na purihin. Ang inyong kadakilaan ay hindi kayang unawain. [4]Ang bawat salinlahi ay magsasabi sa susunod na salinlahi ng tungkol sa inyong makapangyarihang gawa.* **SALMO 145:3–4**

Ang pagpaparangal, pagpuri, at pagbibigay-luwalhati sa isang tao ay pagkilala sa mga katangian at tagumpay nila, at pag-aangat sa taong ito nang higit sa lahat. Ang totoo, anumang katangian o naabot ng isang tao ay hindi kailanman makakapantay sa Diyos. Siya ang ating Diyos at Hari, Siya ay higit sa lahat, at Siya ay gumawa ng mga dakilang bagay. Dahil dito, Siya lang ang karapat-dapat sa ating pagsamba at papuri. Paano mo kaya maipapakita ang kadakilaan ng Diyos sa buhay mo ngayon?

## 3 Ang karangalan at kaluwalhatian ng Diyos ay dapat ituro sa mga paparating at sa mga susunod pang henerasyon.

*Ang bawat salinlahi ay magsasabi sa susunod na salinlahi ng tungkol sa inyong makapangyarihang gawa.* **SALMO 145:4**

Kung iniisip natin na tayo lamang ngayon ang dapat magparangal at magbigay-luwalhati sa Diyos, nagkakamali tayo. Ang kadakilaan ng Diyos at ang Kanyang mga nagawa ay dapat ituro mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod. Ang ating motibo—ang bigyan ng karangalan ang Diyos—ay para sa lahat ng henerasyon. Dapat nating sabihan ang iba tungkol sa mga narinig at naranasan natin. Ang panalangin natin ay patuloy na mamahalin ng mga susunod na henerasyon ang Diyos at patuloy rin nilang ihahayag ang Kanyang kadakilaan sa iba. Sa palagay mo, paano kaya mabibigyan ng papuri ng isang henerasyon ang mga ginawa ng Diyos sa isang pang henerasyon?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na dakila ang Diyos? Ano ang nakatulong sa iyo para maunawaan mo ang katotohanan? Paano nito mababago ang pamumuhay mo?
- Ano ang nagbibigay sa 'yo ng determinasyon sa buhay? Sa palagay mo, ano kaya ang magiging buhay mo kung namumuhay ka na pinaparangalan ang Diyos sa lahat ng panahon at pagkakataon?
- Isipin ang mga taong makikilala at makakausap mo ngayong linggo. Humiling sa Diyos ng mga pagkakataon na matulungan at makausap ang iba tungkol sa Diyos ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang kadakilaan at sa pagpapakilala Niya ng Kanyang sarili sa ’yo.
- Ipagdasal na makapamuhay ka sa paraang nagbibigay-papuri sa Diyos. Ipanalangin na mas lalo pa Niyang ipakilala ang Kanyang sarili sa ’yo upang magkaroon ka ng mas malalim na pagkaunawa sa iyong pananampalataya at purihin mo Siya sa lahat ng oras.
- Ipagdasal na magawa mo ang bahagi mo sa pagbibigay ng papuri sa mga nagawa ng Diyos at sa Kanyang kadakilaan sa mga paparating at susunod pang mga henerasyon.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph